Sama-samang Pagkilos para sa Pagpapalapit ng Hustisya[*]

ni

Punong Mahistrado Reynato S. Puno
Korte Suprema

Una sa lahat, nais ko pong magpasalamat sa Bagong Alyansang Makabayan o *BAYAN*, sa *National Union of Peoples' Lawyers* at sa mga iba pa nating kasama rito, sa inyong pagtugon sa ating katatapos pa lamang na **Forum on Increasing Access to Justice: Bridging Gaps and Removing Roadblocks.**

Umani ang nasabing pagpupulong ng mga mungkahi buhat sa iba't ibang *stakeholders* ng ating *justice system*, partikular sa hanay ng mga mahihirap at abang sektor ng lipunan hinggil sa kanilang mga hinaing tungkol sa *access to justice*.

Kabilang sa mga rekomendasyon na nakalap buhat sa ginanap na **Forum** ay ang paglibre o hindi pagsali sa pagbabayad ng *docket fees*, *bail bonds* o piyansa sa mga espesyal na kaso ng mga *marginalized sectors*, kabilang na ang mga kapatid nating *indigenous peoples* o mga katutubo. Ang isa namang panukala ay ang pagpapababa ng mga bayad para sa paghain ng habla sa ating mga korte, ang pagbawas sa bilang ng hinihinging kopya ng mga *pleadings* o papeles na inihahain sa korte, at ang pagbawal sa pagbenta ng mga *transcript of stenographic notes* (TSN) nang kada pahina dahil na rin sa dagdag gastos na dulot nito.

---

[*] *Kabuhayan, Karapatan, Katarungan*: A Forum on Economic, Social and Cultural Rights sponsored by BAYAN, NUPL & the University Student Council People's Struggle Committee, Malcolm Hall, U.P. College of Law, August 28, 2008.

Iminungkahi rin ng mga lumahok sa **Forum** ang pagtatatag ng mga *legal clinic* na mayroong mga programang naglalayong maiangat ang antas ng kaalaman ng mga mahihirap at mga komunidad, at ang pakikipagtulungan sa *Public Attorney's Office*, *Commission on Human Rights*, at *Integrated Bar of the Philippines* upang lalong matupad ang layuning ito.

Sa nasabing **Forum**, hiningi rin ang tulong ng korte upang ibsan ang mga suliraning dulot ng *language barrier* o balakid na dala ng pagkakaiba sa wika o pananalita lalo na ng mga *indigenous peoples* o mga katutubo at ng mga tagapagpatupad ng batas, mga abogado, at mga huwes.

Marami pa pong mga mungkahi ang inani ng **Forum** na ito at ang iba ay dapat bigyan ng aksyon ng ibang sangay ng ating pamahalaan. Sa kasalukuyan, pinag-aaralan nang mabuti ng Korte Suprema ang natanggap na mga mungkahi na nasa kapangyarihan nito para tugunan.

Susuriin din po namin ang mga kaisipan na lumutang sa inyong pulong ngayong umaga. Katulad ng mga nabanggit kanina ng *National Union of Peoples' Lawyers* o ng *National Federation of Small Fisherfolk Organizations in the Philippines*, ng *Kalikasan People's Network for the Environment*, ng *Salinlahi* o *Alliance for Children's Concern*, at ng iba pa nating mga kasama ngayon, pag-aaralan namin ang pag-amyenda sa pamamaraan ng mga hukuman upang tugunan ang nasabing *SLAPP cases* o *Strategic Lawsuit Against Public Participation* na ginagamit upang ligaligin,

guluhin, at pigilin ang mga nagtataguyod ng mga karapatang konstitusyonal na pang-ekonomiya, pang-pamayanan, at pang-kultura. Kasama na rin dito ang *SLAPPBack action* para sa bayad-pinsala laban sa mga nagharap ng *SLAPP cases* na napawalang saysay. Pag-aaralan din namin ang mga pamamaraan sa iba't-ibang lugar sa Amerika, Canada, at Europa, kung saan hango ang *SLAPP cases* at *SLAPPBack actions*.

Aming sinusuri din ang pagbibigay-luwag sa mga alituntunin ng mga hukuman upang ang mga karaniwang mangingisda at kanilang mga organisasyon ay payagang tumayo bilang mga *complainants* sa mga kasong may kinalaman sa pangingisda at sa kalikasan; ang pagpapahintulot sa paghain ng *torture cases* sa kahit saang hukuman, nang hindi kailangang isaalang-alang ang tirahan ng *defendant;* ang pagpapalawak sa saklaw ng *Writ of Amparo* sa pamamagitan ng pagsasailalim rin sa proteksyon nito ng mga karapatang pang-ekonomiya, pang-pamayanan, at pang-kultura, kabilang na ang proteksyon laban sa demolisyon at ang pagpapalapit ng mga iba pang judicial structures sa mga kapos-palad.

Kanina ay binabasa ko iyong *Philippine Daily Inquirer*. Doon sa pahina 7 ay sinasabi: *"CHR sees big drop in Extra Legal Killings."* Ang sabi ni Chairperson Leila de Lima ay ito: *"Overall there has been a very significant drop in the incidence of extra-judicial killings by as much as 70% from 2007-2008 compared to the 2005-2006 period." The news item also quoted Philip Alston, who "noted improvement in the situation after the Supreme Court introduced new rules that force the army to go beyond denials and probe allegations against troops and produce evidence."*

Habang pinag-aaralan ang mga iba't ibang mungkahing ito, ang inyong Korte Supreme ay ipinatutupad na ang ibang mungkahing maaari nang ipatupad. Isa sa mga hakbang na ito ay ang pagbibigay ng panibagong sigla sa proyektong *Justice on Wheels*.

Ang *Justice on Wheels* ay isang malaking bus na maaring maging dalawang hukuman. Ang *mobile court system* na ito ay itinatag upang tulungang mailapit ang hustisya sa mga kapatid nating mahihirap. Kasama sa mga layuning ng *mobile court system* ang makapagbigay ng mabilis at libreng solusyon sa mga usaping legal sa pamamagitan ng *conciliation*, *mediation*, o *adjudication*.

Sa ngayon, ang mga *mobile courts* na ito ay ipinadadala sa mga pook kung saan napakaraming kaso sa mga hukuman, upang makatulong sa mabilis na pag-usad ng mga kaso ng mga mahihirap nating kababayan. Ang *mobile courts* na ito ay ipinadadala din sa mga munisipalidad na walang mga regular na korte, sa mga *detention centers*, at mga *youth reception centers*. Dinadala rin ang *mobile courts* na ito sa mga lalawigan kung saan malayo ang mga hukuman sa mga litigante.

Nitong Enero ng taong ito, ang *Mobile Court Annexed Mediation System* ay dinala natin sa Taytay, Cainta, Antipolo, at San Mateo sa lalawigan ng Rizal; at sa San Jose Del Monte, Pandi, at Baliuag sa lalawigan naman ng Bulacan. Naging maganda ang nagawa ng ating *mobile courts.* Sa isang libo, apat na raan at limampu't pitong (1,454) kaso na sumailalim sa kanilang mediation, isang libo, tatlong daan at dalawampu't siyam (1,329) sa

mga ito ang matagumpay na naresolbahan – nagtala ng walumpu't limang porsyento o *eighty-five percent* (85%) na success rate.

Noong nakaraang buwan, ang *Justice on Wheels* ay ipinadala sa *Manila City Jail* at *Manila Youth Reception Center* upang mapabilis ang pagdinig sa kaso ng mga nakapiit doon. Nang araw din na iyon, labindalawa sa mga nakapiit ang pinalaya buhat sa *city jail*, samantalang lima naman ang iniutos na pawalan mula sa pangagalaga ng *youth facility*. Naibigan ni Mayor Lim ang ginawa ng *Justice on Wheels* kaya't sa susunod na linggo ay magkakaloob sila ng dalawang bus upang mapalakas ang ating *Justice on Wheels Program.*

Sa buwan na ito, tinungo ng *Justice on Wheels* ang *Caloocan City Jail,* kung saan tatlumpu't siyam (39) na mga bilanggo ang pinalaya. Ayon sa *Bureau of Jail Management and Penology (BJMP),* ang *Caloocan City Jail* ang may pinakamabigat at pinakamaraming bilang ng mga kaso sa *National Capital Region (NCR),* at tinatayang mayroon ditong isang libo anim na raan at dalawampu't walong (1,628) bilanggo.

Dinala rin ang *Justice on Wheels* sa *Quezon City,* kung saan duminig ito ng may isandaang (100) kaso ng mga bilanggo. Dalawampu't siyam (29) na mga bilanggo ang pinawalan matapos dinggin ang kanilang mga kaso. Sa tulong ng Pamahalaang Lungsod, nagsagawa rin doon ng inspeksyon ng mga piitan at naghatid ng serbisyong medikal-dental ang volunteer doctors at mga dentista ni Mayor Belmonte.

Dinala rin namin ang *Justice on Wheels* sa Visayas, doon sa *Cebu Provincial Jail*. Pitumpu't isang (71) bilanggo ang napalaya nang tapusin ang kanilang mga kaso. Samantala, isang libo pitong daan at animnapu't dalawang (1,762) bilanggong may karamdaman ang nilapatan ng lunas sa pagbisita ng mga doktor na kasama ng *Justice on Wheels*.

Dinala rin namin ang *Justice on Wheels* sa Kalibo, sa lalawigan ng Aklan, na naitalang pinakamalubhang nasalanta ng nagdaang bagyong *Frank*. Tumigil ang mga gulong ng hustisya doon nang liparin ng malakas na hangin ang bubong mismo ng ating *Hall of Justice* at bahain ang court records. Ipinadala roon ang *mobile court* upang duminig ng mga kasong nakabinbin habang ang ating mga korte ay humahanap ng kanilang paglilipatan.

Sa susunod pong linggo ay dadalhin namin ang ating *Justice on Wheels* sa Mindanao naman. Pupunta ito sa Davao del Sur, Davao del Norte at sa Saranggani. Mayroong nagpapayo na huwag munang dalhin ang *Justice on Wheels* sa Mindanao dahil sa nangyayaring gusot doon. Sa aming palagay, ito ay hindi sapat na dahilan upang ang ating *Justice on Wheels* ay tumigil sa paghahatid ng mabilis na hustisya sa ating mga kababayan sa Mindanao. *Justice does not stop even at the sound of gunfire.*

Isina-pinal na rin po noong ika-dalawampu't tatlo (23) ng Hunyo ng *Supreme Court Technical Working Group* ang balangkas ng *Rule of Procedure for Small Claims Cases*. Sa ilalim ng panuntunang ito, pipili ang Korte Suprema ng *pilot courts* kung saan maaaring idulog ang mga maliliit

na usaping legal na karaniwang kinasasangkutan ng mga mahihirap at hindi na nangangailangan ng *legal representation* at masalimuot na *rules of procedure.* Sa pamamagitan ng sistemang ito, mailalapit ang mabilis na hustisya sa mga tao, lalo na sa mga kapos-palad na hindi kayang tustusan ang napakamahal na halaga ng mga paglilitis, lalung-lalo na ang mabagal na paglilitis. Saklaw ng Rule na ito ang mga kasong sibil na nakahain sa *first-level courts* na may kinalaman sa salapi, kung saan ang halaga ng *claim* ay hindi hihigit sa isandaang libong piso (Php100,000).

Ang mga *small claims courts* ay matatagpuan, at tunay na nagtagumpay, sa mga bansang Australia, Canada, Ireland, Israel, New Zealand, South Africa, Hong Kong, Singapore, United Kingdom, at United States. Nais nating dalhin sa ating bansa ang tagumpay ng mga *small claims courts* upang ibsan ang napakarami at tumataas pang bilang ng mga kaso sa ating hukuman, at upang bigyan ang ating mga kababayan -- lalo na ang mahihirap -- ng pag-asa sa kanilang paghahangad na makamtan ang mabilis na hustisya.

Sa kasalukuyan, hawak na ng Supreme Court *en banc* ang balangkas ng *Rule* na ito hinggil sa *small claims courts,* at inaasahan kong mai-pro-*promulgate* ito sa lalong madaling panahon.

Ito ay ilan lamang sa mga ginagawa at patuloy na pinag-aaralan ng ating Korte Suprema upang mailapit ang hustisya sa ating mga kababayan at upang mabigyan ng buhay ang kanilang *social and economic rights*. Gayunpaman, kami sa Korte Suprema ay isa lamang sa mga sangay ng

pamahalaan na dapat tumugon sa pagtataguyod ng *socio-economic rights* ng ating mga kababayan. Kaya naman tinatawagan namin ang iba pang mga sektor ng lipunan upang tumulong at makilahok sa ating laban upang mabigyang katuturan ang pagnanais na pagkakapantay-pantay ng mga mahihirap sa ating bansa. Nawa'y marami pa ang tumugon at sa kani-kanilang mga paraan ay makatulong upang maiangat ang kalagayan ng mga nangangailangan gaya ng ginagawa ninyo ngayon. Ang inyo pong Korte Suprema ay maaasahan ninyo na gagawa ng lahat na kaya nitong gawin upang ang *"social justice"* na isang mandato ng ating Saligang Batas ay magkaroon ng saysay sa buhay ng ating mga kababayan.

Maraming salamat at mabuhay kayong lahat.